

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19



Para sa mga babakunahan:

Makakatulong sa amin ang mga sumusunod na katanungan para malaman kung may anumang dahilan kaya hindi ka dapat mabakunahan laban sa COVID-19 ngayon. **Kung “oo” ang sagot mo sa anumang katanungan, hindi ito nangangahulugan na hindi ka dapat bakunahan.** Ang ibig sabihin lang nito ay maaaring mayroon pang mga karagdagang itatanong. Kung hindi malinaw ang isang tanong, mangyaring hilingin sa iyong healthcare provider na ipaliwanag ito.

Pangalan _____

Edad _____

	Oo	Hindi	Hindi alam
1. Masama ba ang pakiramdam mo ngayon?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
2. Nakatanggap ka na ba kahit kailan ng isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
<ul style="list-style-type: none"> Kung oo, anong produkto ng bakuna ang natanggap mo? <input type="checkbox"/> Pfizer <input type="checkbox"/> Moderna <input type="checkbox"/> Janssen <input type="checkbox"/> Iba pang Produkto _____ (Johnson & Johnson) Dinala mo ba ang iyong vaccination record card o iba pang kasulatan? (oo/hindi) 	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	
3. Nagkaroon ka na ba kahit kailan ng allergic na reaksyon sa:			
<i>(Kabilang dito ang isang matinding allergic na reaksyon [hal., anaphylaxis] na kinakailangang gamutin ng epinephrine o EpiPen® o naging dahilan para maospital ka. Makakasama rin dito ang isang allergic na reaksyon na nagsanhi ng pamamantal, pamamaga, o hirap sa paghinga, pati na ang paghingat.)</i>			
<ul style="list-style-type: none"> Isang sangkap ng isang bakuna laban sa COVID-19, kabilang na ang isa sa mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> Polyethylene glycol (PEG), na matatagpuan sa ilang gamot, tulad ng mga pampatae at mga paghahanda para sa colonoscopy Polysorbate, na matatagpuan sa ilang bakuna, film coated na mga tableta, at intravenous steroid Isang naunang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
4. Nagkaroon ka na ba kahit kailan ng allergic reaction sa ibang bakuna (maliban pa sa bakuna laban sa COVID-19) o isang gamot na tinuturok?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
<i>(Kabilang dito ang isang matinding allergic na reaksyon [hal., anaphylaxis] na kinakailangang gamutin ng epinephrine o EpiPen® o naging dahilan para maospital ka. Makakasama rin dito ang isang allergic na reaksyon na nagsanhi ng pamamantal, pamamaga, o hirap sa paghinga, pati na ang paghingat.)</i>			
5. Tsekan ang lahat ng naaangkop sa iyo:			
<input type="checkbox"/> Babaeng nasa pagitan ng edad 18 at 49			
<input type="checkbox"/> Nagkaroon na ng matinding allergic reaksyon sa isang bagay maliban pa sa bakuna o tinuturok na pang-therapy tulad ng mga allergy sa pagkain, alagang hayop, kamandag, kapaligiran o gamot na iniinom			
<input type="checkbox"/> Nagkaroon na ng COVID-19 at ginamot ng monoclonal antibodies o convalescent serum			
<input type="checkbox"/> Nasuring may Multisystem Inflammatory Syndrome (MIS-C o MIS-A) matapos maimpeksyon ng COVID-19			
<input type="checkbox"/> Mahina ang immune system (ibig sabihin., impeksyong HIV, kanser)			
<input type="checkbox"/> Uminom ng mga gamot na immunosuppressive o nagpapa-therapy			
<input type="checkbox"/> May sakit na pagdurugo			
<input type="checkbox"/> Uminom ng pampalabnaw ng dugo			
<input type="checkbox"/> Nagkaroon na ng heparin-induced thrombocytopenia (HIT)			
<input type="checkbox"/> Buntis o nagpapasuso sa kasalukuyan			
<input type="checkbox"/> Nakatanggap na ng mga dermal filler			

Ang form ay nirepaso ni _____

Petsa _____

**Ang pahinang ito ay sadyang iniwanang
blangko.**

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19

Impormasyon para sa mga Healthcare na Propesyonal



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa klinikal na gabay para sa bakuna laban sa COVID-19, tingnan ang <https://www.cdc.gov/vaccines/covid-19/info-by-product/clinical-considerations.html>.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Advisory Committee on Immunization Practices *General Best Practice Guidelines for Immunization*, tingnan ang <https://www.cdc.gov/vaccines/hcp/acip-recs/general-recs/index.html>.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay pinahihintulutan para sa iba't ibang grupo ng edad at itinuturok sa kalamnan (intramuscularly) bilang dalawang-dosis na magkasunod o isahang dosis.

PRODUKTO NG BAKUNA	MGA AWTORISADONG GRUPO NG EDAD	MGA SERYE	PAGITAN
Bakuna Laban sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech	12 taong gulang pataas	2 dosis	21 araw
Bakuna Laban sa COVID-19 ng Moderna	18 taong gulang pataas	2 dosis	28 araw
Bakuna Laban sa COVID-19 ng Janssen (Johnson & Johnson)	18 taong gulang pataas	1 dosis	N/A

Hindi dapat tumanggap ng bakuna ang sinumang hindi sakop ng mga awtorisadong grupo ng edad para sa isang produkto.

Mga Panahon ng Obserbasyon Pagkatapos ng Pagbabakuna para sa mga Taong Walang Kontraindikasyon sa Pagbabakuna Laban sa COVID-19

▪ **30 minuto:**

- Nagkaroon na ng agarang allergic na reaksyon sa anumang kabagsikan ng isang bakuna o tinuturok na pang-therapy
- Kontraindikasyon sa ibang uri ng bakuna laban sa COVID-19 (halimbawa, mga taong may kontraindikasyon sa mga bakunang mRNA na tumatanggap ng Janssen (Bakuna Laban sa COVID-19 na Johnson & Johnson)
- Nagkaroon na ng anaphylaxis sa anumang kadahilanan

▪ **15 minuto:**

- Lahat ng iba pang mga tao

Pagtuturok ng bakuna laban sa COVID-19 at ng iba pang mga bakuna

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 at iba pang mga bakuna ay **maaaring iturok nang walang sinusunod na tiyempo**. Kabilang dito ang magkasabay na pagtuturok ng mga bakuna laban sa COVID-19 at ng iba pang mga bakuna sa iisang pagbisita. Ang iba pang mga bakuna ay maaari ding iturok kahit kailan bago o pagkatapos ng pagbabakuna laban sa COVID-19.

1. Masama ba ang pakiramdam mo ngayon?

Kahit walang katibayan na ang malalang karamdaman ay nakakabawas sa bisa ng bakuna o nakakadagdag sa masasamang reaksyon, bilang pag-iingat, **ipagpaliban ang pagbabakuna sa mga pasyenteng may katamtaman o malubhang karamdaman** hanggang sa bumuti ang lagay mula sa karamdaman.

Ipagpaliban ang pagbabakuna sa mga taong kasalukuyang may impeksyon ng SARS-CoV-2 hanggang sa gumaling na ang tao mula sa malalang karamdaman at ihinto na ang paghihiwalay. Ang rekomendasyong ito ay naaangkop kung nagkaroon man ng impeksyon

ng SARS-CoV-2 ang babakunahan bago maturukan ng unang dosis o sa pagitan ng mga dosis, para sa dalawang-dosis na bakuna. Hindi inirekomenda ang viral o serological testing upang suriin ang tao kung mayroon siyang kasalukuyan o nagdaang impeksyon para lamang ipasiya kung babakunahan siya.

Ang mga taong may banayad na karamdaman ay maaaring mabakunahan. Huwag pigilan ang pagbabakuna kung umiinom ng antibiotics ang isang tao.

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19

Impormasyon para sa mga Healthcare na Propesyonal



2. Nakatanggap ka na ba kahit kailan ng isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19?

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi maaaring pagpalit-palitin.

Para sa mga produktong may dalawang-dosis, tingnan ang mga medikal na talaan, immunization information system, at vaccination record card para matukoy ang unang produktong natanggap. Kung hindi matukoy o ubos na ang produktong bakunang itinurok sa unang dosis, maaaring iturok ang anumang makukuhang bakunang mRNA (hiwalay na mga

dosis na hindi kukulangin sa 28 araw). Kung hindi sinasadyang naiturok ang dalawang dosis ng ibang bakunang mRNA laban sa COVID-19, hindi inirerekomenda ang karagdagang dosis ng produkto.

Ang mga taong tumanggap ng sinubukang bakuna ay dapat kumonsulta sa mga nag-sponsor ng pagsubok para malaman kung posibleng tumanggap ng mga karagdagang dosis.

Para sa mga taong tumanggap ng isang bakuna laban sa COVID-19 sa labas ng Estados Unidos:

- Ang mga taong tumanggap ng lahat ng inirerekomendang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA ay hindi na kailangan ng anumang mga karagdagang dosis. Ang mga taong tumanggap ng unang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA na nangangailangan ng dalawang dosis ay **hindi kailangang** ulitin ang magkasunod na pagbabakuna sa Estados Unidos ngunit dapat tumanggap ng pangalawang dosis na malapit sa inirerekomendang panahon hangga't maaari.
- Ang mga taong tumanggap na ng lahat ng inirerekomendang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 na inilista ng WHO para gamitin sa oras ng emergency ay **hindi kailangan** ng anumang mga karagdagang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA. Tingnan ang Interim Clinical Considerations for Use of COVID-19 Vaccines Currently Authorized sa Estados Unidos [Pansamantalang mga Konsiderasyong Klinikal para Gamitin sa mga Bakuna Laban sa COVID-19 na Kasalukuyang Awtorisado sa Estados Unidos] (<https://www.cdc.gov/vaccines/covid-19/info-by-product/clinical-considerations.html>) para sa isang listahan ng mga bakuna ng WHO para gamitin sa oras ng emergency.
- Ang mga taong hindi nakatanggap ng lahat ng inirerekomendang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 na inilista ng WHO para gamitin sa oras ng emergency ay tmaaring alukin ng kumpletong serye ng bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA. Maghintay nang kahit 28 araw lamang pagkatapos ng huling dosis ng bakunang hindi awtorisado ng FDA bago iturok ang bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA.
- Ang mga taong tumanggap ng lahat o ilan sa inirerekomendang dosis ng isang bakuna laban sa COVID-19 na hindi inilista ng WHO para gamitin sa oras ng emergency at hindi awtorisado ng FDA ay maaaring alukin ng isang kumpletong magkasunod na pagbabakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA. Maghintay lamang nang kahit 28 na araw pagkatapos ng huling dosis ng bakunang hindi awtorisado bago iturok ang bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA.

3. Nagkaroon ka na ba kahit kailan ng allergic na reaksyon sa:

- Isang sangkap ng isang bakuna laban sa COVID-19, kabilang na ang:
 - Polyethylene glycol (PEG), na matatagpuan sa ilang gamot, tulad ng mga pampatae at mga paghahanda para sa colonoscopy
 - Polysorbate, na matatagpuan sa ilang bakuna, film coated na mga tableta, at intravenous steroid
- Isang naunang dosis ng bakuna laban sa COVID-19

Ang mga taong may agarang allergic reaksyon sa isang naunang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 vaccine dose o isang nalaman (nasuring) allergy sa isang sangkap ng bakuna ay may kontraindikasyon sa pagbabakuna.

Ang mga taong may kontraindikasyon sa isang bakunang mRNA laban sa COVID-19 ay hindi dapat tumanggap ng mga dosis ng kahit ano sa mga bakunang mRNA (Pfizer-BioNTech o Moderna). Ang mga taong may kontraindikasyon sa mga bakunang mRNA laban sa COVID-19 (pati na dahil sa isang nalaman [nasuring] allergy sa PEG[†]) ay pinag-iingat sa Bakuna laban sa COVID-19 ng Janssen.

Ang mga taong may kontraindikasyon sa Bakuna laban sa COVID-19 ng Janssen (pati na dahil sa isang nalaman [nasuring] allergy sa polysorbate*) ay pinag-iingat sa mga bakunang mRNA laban sa COVID-19.

Ang mga taong may kasaysayan ng agarang allergic na reaksyon sa isang bakuna o tinuturok na pang-therapy na may maraming sangkap, na ang isa o mahigit pa

ay isang sangkap ng isang bakuna laban sa COVID-19, ay pinag-iingat na magpabakuna sa bakunang iyon laban sa COVID-19, kahit hindi alam kung aling sangkap ang naging sanhi ng allergic na reaksyon.

*Kapag nag-ulat ang mga tumanggap ng bakuna ng agarang allergic na reaksyon, dapat subukan ng mga provider na alamin kung ang mga reaksyong iniulat pagkatapos ng pagbabakuna ay naaayon sa mga agarang allergic na reaksyon kumpara sa iba pang mga uri ng mga reaksyon na karaniwang naobserbahan kasunod ng pagbabakuna, tulad ng vasovagal na reaksyon o mga side effect pagkatapos ng pagbabakuna (na hindi mga kontraindikasyon sa pagtanggap sa pangalawang dosis ng isang bakunang mRNA laban sa COVID-19).

†Ang polyethylene glycol (PEG) ay isang sangkap sa parehong bakunang mRNA laban sa COVID-19, at ang polysorbate 80 ay isang sangkap sa Bakuna Laban sa COVID-19 ng Janssen. Dahil magkaugnay ang istruktura ng PEG at polysorbate, maaaring magkaroon ng cross-reactive hypersensitivity sa pagitan ng mga compound na ito.

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19

Impormasyon para sa mga Healthcare na Propesyonal



Mga Sangkap ng Bakuna Laban sa COVID-19*

Paglalarawan	Bakunang mRNA Laban sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech	Bakunang mRNA Laban sa COVID-19 ng Moderna	Bakuna Laban sa COVID-19 ng Janssen
Mga Aktibong Sangkap	Nucleoside-modified mRNA na nag-encode ng viral spike (S) glycoprotein ng SARS-CoV-2	Nucleoside-modified mRNA na nag-encode ng viral spike (S) glycoprotein ng SARS-CoV-2	Viral Vector; Recombinant, replication-incompetent Ad26 vector, na nag-encode ng isang stabilized variant ng protinang SARS-CoV-2 Spike (S)
Mga Di-aktibong Sangkap	2[(polyethylene glycol {PEG}- 2000]-N, N-ditetradecylacetamide	PEG2000-DMG: 1,2-dimyristoyl-rac-glycerol, methoxypolyethylene glycol	Polysorbate-80
	1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine	1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine	2-hydroxypropyl-β-cyclodextrin (HBCD)
	Cholesterol	Cholesterol	Citric acid monohydrate
	(4-hydroxybutyl)azanediylbis(hexane-6,1-diyl)bis(2-hexyldecanoate)	SM-102: heptadecan-9-yl 8-((2-hydroxyethyl) (6-oxo-6-(undecyloxy) hexyl) amino) octanoate	Trisodium citrate dihydrate
	Sodium chloride	Tromethamine	Sodium chloride
	Monobasic potassium phosphate	Tromethamine hydrochloride	Ethanol
	Potassium chloride	Acetic acid	
	Dibasic sodium phosphate dihydrate	Sodium acetate	
Sucrose	Sucrose		

*Wala sa mga bakuna ang may mga itlog, gelatin, latex, o mga pampreserba.

Mga posibleng katangian ng mga allergic na reaksyon, vasovagal na reaksyon, at mga side effect ng bakuna kasunod ng pagbabakuna laban sa COVID-19

Sa mga pasyenteng nagdaranas ng mga sintomas pagkatapos magpabakuna, mahalang matukoy ang etiology (pati na ang allergic reaction, vasovagal reaction, o mga side effect ng bakuna) para malaman kung ang isang tao ay maaaring tumanggap ng mga karagdagang dosis ng bakuna (pati na ng pangalawang dosis ng bakuang mRNA laban sa COVID-19). Ang sumusunod na talahanayan ng mga palatandaan at

sintomas ay inilaan upang magsilbing mapagkukunan ng impormasyon ngunit maaaring hindi ito kumpleto, at maaaring hindi taglay ng mga pasyente ang lahat ng palatandaan o sintomas. Dapat gamitin ng mga provider ang kanilang klinikal na kaalaman kapag sinusuri ang mga pasyente para matukoy ang diagnosis at angkop na pamamahala.

Katangian	Mga agarang allergic na reaksyon (kabilang na ang anaphylaxis)	Mga vasovagal na reaksyon	Mga side effect ng bakuna (lokal at sistematiko)
Tiyempo pagkatapos ng pagbabakuna	Karaniwang nangyayari sa loob ng 15-30 minuto ng pagbabakuna	Karaniwang nangyayari sa loob ng 15 minuto	Nasa pagitan ng 1 hanggang 3 araw pagkatapos ng pagbabakuna (na karaniwang nangyayari sa araw pagkatapos magpabakuna)

MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS

Katangian	Mga agarang allergic na reaksyon (kabilang na ang anaphylaxis)	Mga vasovagal na reaksyon	Mga side effect ng bakuna (lokal at sistematiko)
Konstitusyonal	Pakiramdam na may mangyayaring masama	Pakiramdam na naiinitan o nanlalamig	Lagnat, pangingingin, sobrang pagod
Cutaneous	Mga sintomas sa balat na nakikita sa ~90% ng mga taong may anaphylaxis, kabilang na ang pruritus, urticaria, flushing, angioedema	Pallor, diaphoresis, pawisang balat, pakiramdam na mainit ang mukha	Pananakit, erythema o pamamaga sa pinagturukan, lymphadenopathy sa brasong tinurukan
Neurologic	Pagkalito, pagkataranta, pagkahilo, pagkalula, panghihina, pagkawala ng malay	Pagkahilo, pagkalula, pansamantalang pagkawala ng malay (kadalasang pagkatapos ng maaagang sintomas sa loob ng ilang segundo o minuto), panghihina, mga pagbabago sa paningin (tulad ng mga kumikislap na liwanag, tunnel vision), mga pagbabago sa pandinig	Sakit ng ulo

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19

Impormasyon para sa mga Healthcare na Propesyonal



Katangian	Mga agarang allergic na reaksyon (kabilang na ang anaphylaxis)	Mga vasovagal na reaksyon	Mga side effect ng bakuna (lokal at sistematiko)
Paghinga	Kakulangan ng hininga, paghingal, bronchospasm, stridor, hypoxia	Paiba-iba; kung may kasabay na pagkabalisa, posibleng bumilis ang paghinga	N/A
Cardiovascular	Mababang presyon ng dugo, tachycardia	Paiba-iba; maaaring mababa ang presyon ng dugo o may bradycardia kapag pansamantalang nawalan ng malay	N/A
Gastrointestinal	Pagduduwal, pagsusuka, pananakit ng tiyan, pagtatac	Pagduduwal, pagsusuka	Maaaring magsuka o magtae
Pananakit ng mga kalamnan at butu-buto	N/A	N/A	Myalgia, arthralgia

MGA REKOMENDASYON SA PAGBABAKUNA

Katangian	Mga agarang allergic na reaksyon (kabilang na ang anaphylaxis)	Mga vasovagal na reaksyon	Mga side effect ng bakuna (lokal at sistematiko)
Kung nabakunahan ng bakunang mRNA laban sa COVID-19 bilang unang dosis, inirerekomendang tumanggap ng pangalawang dosis ng bakunang mRNA?	Hindi	Oo	Oo

Ang mga healthcare provider o kagawaran ng kalusugan ng Estados Unidos ay maaaring humiling ng konsultasyon sa Clinical Immunization Safety Assessment COVIDvax project (<https://www.cdc.gov/vaccinesafety/ensuringsafety/monitoring/cisa/index.html>) para sa isang kumplikadong katanungan tungkol sa kaligtasan sa bakuna laban sa COVID-19 na hindi natugunan kaagad ng patnubay ng CDC tungkol sa isang indibiduwal na pasyenteng naninirahan sa Estados Unidos.

Ang mga healthcare na propesyonal ay dapat maging pamilyar sa pagtukoy sa agarang-uri ng mga allergic reaction, kabilang na ang anaphylaxis, at maging mahusay sa pagtrato sa mga kaganapang ito sa oras na iturok ang bakuna. Kailangan ay may angkop na agarang panggagamot para sa matitinding allergic na reaksyon kung sakaling magkaroon ng malalang anaphylactic na reaksiyon kasunod ng pagturok ng isang bakuna laban sa COVID-19. Tingnan ang Management of Anaphylaxis at COVID-19 Vaccination Sites | CDC para sa karagdagang patnubay. <https://www.cdc.gov/vaccines/covid-19/info-by-product/pfizer/anaphylaxis-management.html>

Ang pansamantalang pagkawala ng malay ay maaaring mangyari kaugnay ng mga tinuturok na bakuna, partikular na sa mga kabataan. Dapat ay nasa lugar na ang mga pamamaraan para maiwasang masaknan kapag natumba at mapamahalaan ang mga pansamantalang pagkawala ng malay. Lahat ng tao ay inirerekomendang obserbahan pagkatapos mabakunahan laban sa COVID-19 kahit 15 minuto lang. Dapat ay nakaupo o nakahiga ang mga pasyente habang inoobserbahan para mabawasan ang peligrong masaknan kung sakaling himatayin sila. Kung magkaroon ng pansamantalang pagkawala ng malay, dapat obserbahan ang mga pasyente hanggang sa mawala ang mga sintomas.

4. Nagkaroon ka na ba kahit kailan ng allergic na reaksyon sa ibang bakuna (maliban sa bakuna laban sa COVID-19) o iba pang gamot na tinuturok?

Ang isang karanasan ng anumang agarang allergic na reaksyon (sa loob ng 4 na oras) sa anumang iba pang bakuna o tinuturok na pang-therapy (hal., mga bakunang itinuturok o mga pang-therapy nang intramuscular, intravenous, o subcutaneous na walang kaugnayan sa isang sangkap ng mga bakuna laban sa COVID-19) ay isang pag-iingat sa kasalukuyang awtorisadong mga bakuna laban sa COVID-19. Maaaring ibigay ang bakuna, ngunit payuhan ang mga pasyente tungkol sa hindi alam na mga peligrong magkaroon ng matitinding allergic na reaksyon at ibalanse ang mga peligrong ito laban sa mga pakinabang ng pagbabakuna. Ang

pagpapaliban ng pagbabakuna at/o konsultasyon sa isang allergist-immunologist ay maaaring isaalang-alang. Kabilang sa mga pagsasaalang-alang para sa pagbabakuna ang peligrong malantad sa SARS-CoV-2, peligrong magkaroon ng matinding sakit o mamatay dahil sa COVID-19, dating impeksyon sa COVID-19, hindi alam na peligro ng anaphylaxis kasunod ng pagbabakuna laban sa COVID-19, at kakayahan ng tatanggap na magpagamot kaagad para sa anaphylaxis, kung kinakailangan. **Dapat obserbahan ang mga indibiduwal na ito sa loob ng 30 minuto pagkatapos mabakunahan.**

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19

Impormasyon para sa mga Healthcare na Propesyonal



5. Mga Klinikal na Pagsasaalang-alang:

Pagtugon	Pagsasaalang-alang
Babaeng nasa pagitan ng 18 at 49 taong gulang	<p>Ang mga kababaihang 18 hanggang 49 taong gulang ay maaaring tumanggap ng anumang bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA. Gayunman, dapat ipaalam sa kanila ang bihira ngunit nadagdagang peligro ng thrombosis na may thrombocytopenia syndrome (TTS) pagkatapos maturukan ng Bakuna Laban sa COVID-19 ng Janssen www.fda.gov/emergency-preparedness-and-response/coronavirus-disease-2019-covid-19/janssen-covid-19-vaccine at ang pagkakaroon ng iba pang mga bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA.</p> <p>Ang TTS ay isang bihirang syndrome na kinasasangkutan ng malalang thrombosis sa ugat o artery at panibagong pagsisimula ng thrombocytopenia sa mga pasyenteng hindi nalantad sa heparin.</p> <p>Ang mga karagdagang materyal sa pagtuturo sa tatanggap ay matatagpuan sa www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety/JJUpdate.html.</p>
Nagkaroon na ng matinding allergic reaksyon sa isang bagay maliban pa sa bakuna o tinuturok na pang-therapy tulad ng mga allergy sa pagkain, alagang hayop, kamandag, kapaligiran o gamot na iniinom	<p>Ang mga allergic na reaksyon, kabilang na ang matitinding mga allergic na reaksyon, na HINDI nauugnay sa mga bakuna, tinuturok na pang-therapy, o sangkap ng mga bakuna laban sa COVID-19, ay HINDI mga kontraindikasyon o pag-iingat sa pagbabakuna gamit ang kasalukuyang awtorisadong mga bakuna laban sa COVID-19. Gayunman, ang mga indibiduwal na nagkaroon na ng matitinding allergic na reaksyon sa anumang bagay, anuman ang dahilan, ay dapat obserbahan nang 30 minuto matapos mabakunahan.</p>
Nagkaroon na ng COVID-19 at ginamot ng monoclonal antibodies o convalescent serum	<p>Ang pagbabakuna ay dapat ialok sa mga tao anuman ang naranasang dating sintomas o kawalan ng sintomas ng impeksyon ng SARS-CoV-2. Walang inirerekomendang minimal na agwat sa pagitan ng impeksyon at ng pagbabakuna.</p> <p>Gayunman, dapat ipagpaliban ang pagbabakuna kahit 90 araw lang kung tumanggap ang pasyente ng monoclonal antibodies o convalescent serum upang gamutin ang COVID-19. Ito ay isang pag-iingat hanggang sa magkaroon ng karagdagang impormasyon, para maiwasan ang pakikialam ng panggagamot ng antibody sa mga immune response dahil sa bakuna.</p>

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19

Impormasyon para sa mga Healthcare na Propesyonal



Pagtugon	Pagsasaalang-alang
<p>Nagkaroon na ng multisystem inflammatory syndrome; MIS-C (mga bata) man o MIS-A (matatanda)</p>	<p>Walang nakakaalam kung ang mga taong nakaranas na ng MIS-C o MIS-A ay may peligrong magkaroon ng dysregulated immune response sa pagbabakuna laban sa COVID-19.</p> <p>Ang mga taong nakaranas na ng MIS-C o MIS-A ay maaaring magpasiyang magpabakuna. Ang mga pagsasaalang-alang para sa pagbabakuna ay maaaring kabilangan ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> ■ Klinikal na paggaling mula sa MIS-C o MIS-A, kabilang na ang pagbalik sa normal na pagtibok ng puso ■ Personal na peligrong magkaroon ng matindi at malalang COVID-19 (hal., edad, dating karamdaman) ■ Antas ng pagkahawa ng komunidad sa COVID-19 at personal na peligro na muling maimpeksyon ■ Kawalan ng datos ng pagiging ligtas ng mga bakuna laban sa COVID-19 kasunod ng mga karamdamang ito ■ Ang tiyempo ng anumang mga immunomodulatory therapy (maaaring konsultahin ang mga tuntunin sa pinakamaiinam na pangkalahatang gawi para sa pagbabakuna para sa iba pang impormasyon https://www.cdc.gov/vaccines/hcp/acip-recs/general-recs/index.html) <p>Dahil iminumungkahi ng kasalukuyang katibayan na mababa ang peligro na muling maimpeksyon ng SARS-CoV-2 sa mga buwan matapos ang unang impeksyon, dapat isaalang-alang ng mga taong nakaranas na ng MIS-C o MIS-A na ipagpaliban ang pagpapabakuna hanggang sa gumaling na sila mula sa kanilang impeksyon at sa loob ng 90 araw matapos ang petsa ng diagnosis ng MIS-C o MIS-A.</p> <p>Maaaring makatulong ang pag-uusap ng pasyente, kanilang (mga) tagapag-alaga, at kanilang grupo ng mga manggagamot o isang espesyalista sa pagdedesisyon nila tungkol sa pagpapabakuna laban sa COVID-19. Maaari ding humiling ang mga healthcare provider at kagawaran ng kalusugan ng konsultasyon sa Clinical Immunization Safety Assessment Project sa www.cdc.gov/vaccinesafety/ensuringsafety/monitoring/cisa/index.html.</p>
<p>Mahina ang immune system (impeksyong HIV, kanser)</p> <p>Uminom ng mga gamot na immunosuppressive o nagpapa-therapy</p>	<p>Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring iturok sa mga taong may dati nang mga karamdaman, tulad ng impeksyong HIV o iba pang mga kondisyong nagpapahina sa immune system, o umiinom ng mga gamot o therapy na pumipigil sa immune response, na walang mga kontraindikasyon sa pagbabakuna.</p> <p>Gayunman, dapat silang payuhan tungkol sa mga hindi alam na profile kung ligtas at epektibo ang bakuna sa mga taong mahina ang immune system, pati na ang potensyal na humina ang immune response at ang pangangailangang patuloy na sundin ang lahat ng kasalukuyang patnubay sa pagprotekta sa kanilang sarili laban sa COVID-19.</p> <p>Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring iturok anumang panggagamot na may corticosteroid, pati na ang mga gamot na ipinapahid sa balat o itinuturok sa artery. Ang muling pagbabakuna ay hindi inirerekomenda kapag bumalik na ang kakayahan ng immune system.</p>
<p>May sakit na pagdurugo</p> <p>Uminom ng pampalabnaw ng dugo</p>	<p>Tulad ng lahat ng mga bakuna, anumang produktong bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring ibigay sa mga pasyenteng ito, kung matukoy ng isang doktor na pamilyar sa peligrong duguin ang pasyente na maaaring iturok ang bakuna nang intramuscular nang may makatwirang paniniwala na ito ay ligtas.</p> <p>Inirerekomenda ng ACIP ang sumusunod na pamamaraan para sa pagbabakuna nang intramuscular sa mga pasyenteng may sakit na pagdurugo o umiinom ng mga pampalabnaw ng dugo: Dapat gumamit ng isang napakanipis na karayom (23-gauge o mas manipis pa) para sa pagbabakuna, na sinusundan ng matatag na pagdiin sa pinagturukan, nang hindi ito kinukuskos, sa loob ng hindi kukulangin sa 2 minuto.</p> <p>Ang mga taong regular na umiinom ng aspirin o mga anticoagulant bilang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na mga gamot ay hindi kailangang tumigil sa pag-inom ng mga ito bago tumanggap ng anumang bakuna laban sa COVID-19.</p>

Checklist Bago ang Pagbabakuna para sa mga Bakuna Laban sa COVID-19

Impormasyon para sa mga Healthcare na Propesyonal



Pagtugon	Pagsasaalang-alang
<p>Nagkaroon na ng heparin-induced thrombocytopenia (HIT)</p>	<p>Bagama't malabo ang sanhi ng thrombosis na may thrombocytopenia syndrome (TTS) na nauugnay sa Bakuna Laban sa COVID-19 ng Janssen, mukhang katulad ito ng isa pang bihirang immune-mediated syndrome na heparin-induced thrombocytopenia (HIT). Hanggang sa magkaroon ng iba pang impormasyon, ipinapayo ng mga eksperto na ang mga taong nakaranas na ng isang immune-mediated syndrome na nailarawan ng thrombosis at thrombocytopenia, tulad ng HIT, ay dapat alukin ng iba pang bakuna laban sa COVID-19 (ibig sabihin., bakunang mRNA) kung 90 araw na o wala pa mula nang magamot ang kanilang karamdaman. Pagkaraan ng 90 araw, maaaring bakunahan ang mga pasyente ng anumang bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA.</p> <p>Naniniwala ang mga eksperto na ang sumusunod na mga kadahilanan ay hindi nagsasanhi na maging mas madaling kapitan ng TTS ang mga tao matapos tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19 ng Janssen. Ang mga taong may ganitong mga kundisyon ay maaaring bakunahan ng anumang bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA, pati na ng bakuna laban sa COVID-19 ng Janssen:</p> <ul style="list-style-type: none"> ■ Dati nang nakaranas ng thromboembolism sa ugat ■ Mga kadahilanan ng peligro sa thromboembolism sa ugat (hal., namana o nakuhang thrombophilia kabilang na ang Factor V Leiden; prothrombin gene 20210A mutation; antiphospholipid syndrome; protein C, protein S o kakulangan sa antithrombin ■ Dati nang nakaranas ng iba pang uri ng thromboses na hindi nauugnay sa thrombocytopenia ■ Pagbubuntis, post-partum, o pagtanggap ng mga hormonal contraceptives (hal., pinaghalong mga oral contraceptive, patch, ring) <p>Ang mga karagdagang materyal sa pagtuturo sa tatanggap ay matatagpuan sa www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety/JJUpdate.html.</p>
<p>Buntis o kasalukuyang nagpapasuso</p>	<p>Ang mga buntis o nagpapasuso ay karapat-dapat para at maaaring tumanggap ng anumang kasalukuyang awtoridasong bakuna laban sa COVID-19.</p> <p>Batay sa kasalukuyang kaalaman, naniniwala ang mga eksperto na ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay malamang na hindi magkaroon ng peligro sa mga buntis o sa sanggol na nasa kanilang sinapupunan. Ang mga bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA ay hindi nagsasanhi ng impeksyon sa ina man o sa sanggol na nasa kanyang sinapupunan. Gayunman, wala pang nakakaalam sa potensyal na mga peligro ng mga bakuna laban sa COVID-19 para sa populasyong ito dahil hindi pa napag-aaralan ang mga bakuna sa mga buntis.</p> <p>Kapag gumagawa ng desisyon, dapat isaalang-alang ng mga buntis at ng kanilang mga healthcare provider ang antas ng pagkahawa ng komunidad sa COVID-19, ang personal na peligro na magkaroon ng COVID-19 ang pasyente, ang higit na mga peligro ng matinding COVID-19 sa pasyente at ang potensyal na mga peligro sa sanggol na nasa sinapupunan, ang nalalaman at potensyal na mga pakinabang ng pagbabakuna, ang bisa ng bakuna, ang mga side effect ng bakuna, at ang limitado ngunit dumaraming datos tungkol sa ligtas na paggamit ng bakuna sa panahon ng pagbubuntis.</p> <p>Ang buntis, nagpapasuso, at may post-partum na mga taong edad 18 hanggang 49 ay dapat magkaroon ng kamalayan tungkol sa bihirang peligro ng TTS matapos tumanggap ng Bakuna Laban sa COVID-19 na Janssen at sa makukuhang iba pang mga bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA (ibig sabihin, mga bakunang mRNA).</p>
<p>May mga dermal filler</p>	<p>Ang mga bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA ay maaaring iturok sa mga taong tumanggap na ng tinuturok na mga dermal filler na walang mga kontraindikasyon o pinag-iingat sa pagbabakuna.</p> <p>Madalang, maaaring makaranas ang mga taong ito ng pansamantalang pamamaga sa o malapit sa pinagturukan ng filler (karaniwan ay sa mukha o mga labi) kasunod ng pagturok ng isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19. Dapat payuhan ang mga taong ito na kontakin ang kanilang healthcare provider kung magkaroon ng pamamaga sa o malapit sa pinagturukan ng dermal filler kasunod ng pagbabakuna.</p>